# *MA. CECILIA DE LA ROSA*

Estudyante ng masterado sa Malikhaing Pagsulat si Ma. Cecilia de la Rosa sa UP Diliman. Nagtapos siya ng Philippine Arts sa UP Manila. Naipalabas sa Virgin Labfest (VLF) at pumangatlo sa Isang-yugtong Dula sa Palanca ang "Ang Mga Bisita ni Jean." Naipalabas rin sa VLF ang "Labor Room" na muling itinanghal ng Bindlestiff Studio sa San Francisco, California noong Oktubre 2019. Nailathala sa iba't ibang zines at antolohiya ang kanyang mga akda. Empleyado siya ng UP Diliman.

# ANG PUSA

May nakita akong patay
na pusa sa gilid ng Silangang Palma
noong Biyernes. Nilalangaw
na ‘yung pusa, kasi di lang basta patay,
nagsisimula na rin yatang
mabulok. Sinasabi kong “yata”
dahil hindi ko talaga tinitigan
ang pakiramdam ko’y
naagnas nang laman.
Dumire-diretso lang ako
para mananghalian sa Vinzons.
Wala na’t lahat ang kinain
kong bistek, at kumain na muli ako
ng ginisang kalabasa kanina,
at malinis na rin ang huling suksukan
ng munting puting patay na pusa
(salamat sa nagligpit).
Pero tiyak pa rin akong
mananaginip mamaya
ng mga langaw at uod
ng mga matang nakadilat,
maliliit na pangil na nakasilip
sa nakangangang bibig
katulad kagabi, at noong Lunes din,
noong Linggo, Sabado, Biyernes, Huwebes,
Miyerkules, Martes, Lunes, Linggo,

sa mga gabing ni wala pang sakit
ang kawawang nilalang
hanggang bukas, hanggang sa susunod na gabi
hanggang magising isang madaling-araw
na ubos na sa wakas ang pusa
o tinatanggap ko na ang pag-iral
ng maliliit kamatayan.